Impormasyon Tungkol sa 2019 Novel Coronavirus Para sa K-12 na mga Paaralan sa Illinois

Ano ang 2019 Novel Coronavirus (2019-nCoV)?

Ang 2019 Novel Coronavirus, o 2019-nCoV, ay isang bagong respiratory virus na kinilala noong Disyembre 2019 bilang sanhi ng isang biglang paglitaw sa Wuhan, Lalawigan ng Hubei, China. Ang mga taong nagkakasakit dahil sa 2019-nCoV ay nagkakaroon ng mula banayad hanggang sa malubhang sakit sa paghinga na may mga sintomas kabilang ang lagnat, ubo, at kahirapan sa paghinga. Ang sakit ay maaaring magsimula sa 2 hanggang 14 araw pagkatapos ng pagkakalantad sa virus. Bagama't ang virus na ito ay malamang na nagmula sa isang hayop, maaari rin itong kumalat mula sa tao-sa-tao. Ang pagkalat mula sa isang tao patungo sa isa pa ay naisip na pangunahin nangyayari dahil sa mga respiratory droplets na nagmumula sa ubo o bahing ng isabg nahawaang tao. Sa karamihan ng mga respiratory virus, karaniwan ng kaalaman na ang mga tao ay pinaka -nakakahawa kapag sila ay nagpapakita ng mga sintomas.

Para sa pinakahuling update ng buod ng pambansang kalagayan, kabilang ang bilang ng mga kaso na natukoy sa Estados Unidos, ay makikita sa web ng CDC tungkol sa 2019 Novel Coronavirus, Wuhan, China. Ang mga pagbabago sa sitwasyon ng estado ay matatagpuan sa DPH.ILLINOIS.GOV.

Ano ang mga panganib sa kalusugan mula sa 2019-nCoV sa Illinos?

Sa kasalukuyan, ang panganib sa kalusugan sa pangkalahatang publiko mula sa 2019-nCoV ay nananatiling mababa, pareho sa Estados Unidos at sa Illinois. Ang layunin ng patuloy na pagtugon sa kalusugan ng publiko sa Estados Unidos ay upang mabilis na matunton ang mga bagong kaso at maiwasan ang pagkalat sa komunidad ng 2019-nCoV. Ang mga darating na araw at linggo ay malamang na malalantad pa ng mas maraming kumpirmadong mga kaso ng 2019-nCoV sa Estados Unidos at sa buong mundo, subali't ang malakas na mga panukala sa kalusugan ng publiko ay maaaring makapigil sa epekto ng virus.

Anong mga espesyal na pag-iingat ang kailangang gawin ng mga paaralan?

Dahil sa kamakailang pagbilis ng pagkalat ng 2019-nCoV sa buong Tsina at alinsunod sa kasalukuyang pederal na gabay, inirerekomenda ng Illinois Department of Public Health (IDPH) ang sumusunod:

- **Ang sinumang mag-aaral na bumalik mula sa mainland China noong Pebrero 3, 2020 at pasulong ay hindi dapat pumasok sa paaralan sa loob ng 14 araw pagkatapos ng petsa ng pagbabalik.**
- Ang mga pagliban o di pagpasok sa kadahilanan ng alinsunod na ito ay ipagbabale-wala
- Ang mga miyembro ng pamilya ng mga mag-aaral na ito ay hindi dapat pumasok sa trabaho kung sila ay naglalakbay din sa mainland China.

Ang pansamantalang patnubay na ito ay epektibo hanggang sa Pebrero 3, 2020, at hindi ito inilalapat

retrospectively sa mga mag- aaral na nagtungo sa Tsina sa nakaraang 14 araw at nasa Estados Unidos, o ang pinamamahalaan bilang bahagi ng isang pagsisiyasat sa pakikipag-ugnay.

This has been adapted from the Chicago Department of Public Health
Updated 2/5/20

Ang mga mag-aaral na bumalik mula sa mainland China bago Pebrero 3, 2020 ay **maaaring manatili sa paaralan**. Kung ang isang mag-aaral na bumalik mula sa mainland China bago ang Pebrero 3, 2020 ay nagkakaroon ng mga sintomas
kabilang ang lagnat, ubo, at kahirapan sa paghinga, **mag-ulat kaagad** sa iyong Lokal na Kagawaran ng Kalusugan. **Mangyaring tandaan na may iba pang respiratory** virus tulad ng trangkaso na kasalukuyang kumakalat sa Illinois. Tumawag nang maaga bago dalhin ang mag-aaral sa tanggapan ng doktor o kagawaran ng emergency upang maiwasan ang anumang potensyal na pagkalat.

Mabilis na nagbabago ang sitwasyon, at mahigpit naming binabantayan ito. Ang gabay ay maa-update kung kinakailangan.

Ano ang pinakabagong mga hakbang sa kalusugan ng publiko?

Habang nagbago ang mga pamamaraan ng screening sa paliparan, simula Pebrero 3, 2020, sinimulan ng IDPH ang pagtanggap ng impormasyon sa mga papasok na manlalakbay mula sa buong Tsina na maaaring nasa panganib, at kapag naaangkop ay pinapayuhan sila na manatili sa bahay at hindi pinapapasok sa paaralan at trabaho, at sinusubaybayan remotely ang mga iyo. Ang IDPH ay makikipag-ugnayan sa administrador ng paaralan tungkol sa sitwasyon ng mga indibidwal kung kinakailangan.

Kung mayroon kaming isang mag-aaral na nagkasakit sa paaralan at ngayon ay isa ng tao na nasa ilalim ng pagsisiyasat (PUI), ano ang sasabihin namin sa mga magulang?

Sa pangkalahatan, patuloy na sundin ang iyong karaniwang na pamamaraan para sa pag-abiso ng mga magulang / tagapag-alaga ng mga mag-aaral na may sakit sa paaralan. Ang IDPH ay makikipag-ugnayan sa administrador ng paaralan na nangangailangan ng mas tukoy na gabay,

Dapat ba kaming mabahala tungkol sa mga alagang hayop sa silid-aralan o iba pang mga hayop at 2019-nCoV?

Inirerekomenda ng CDC na iwasan ng mga taong naglalakbay sa Tsina na iwasan ang mga hayop na kapwa buhay at patay, ngunit walang dahilan upang isipin na ang anumang mga hayop o mga alagang hayop sa Estados Unidos ay maaaring mapagkukunan ng impeksyon sa bagong coronavirus.

Ang isa sa aming mga mag-aaral ay isang exchange student mula sa China. Makakauwi na ba siya?

Inirerekomenda ng IDPH na iwasan ang paglalakbay sa China. Ang pinakabagong mga update sa paglalakbay ay makikita sa Traveler's Health web page ng CDC.

Paano mapigilan ng mga paaralan ang mga impeksyon sa 2019-nCoV at iba pang mga sakit sa paghinga?

Sa kasalukuyan ay walang bakuna upang maiwasan ang impeksiyon ng 2019-nCoV. Tulad ng anumang respiratory virus, ang mga mag-aaral at kawani ng paaralan ay maaaring maprotektahan ang kanilang sarili at ang iba pa sa pamamagitan ng paggamit ng sentido kumon sa pang-araw-araw na pagkilos o :

This has been adapted from the Chicago Department of Public Health
Updated 2/5/20

- Madalas hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo. Kung hindi magagamit ang sabon at tubig, gumamit ng isang sanitizer ng kamay na nakabatay sa alkohol na hindi bababa sa 60% na alkohol.
- Iwasan hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig ng hindi nahugasang kamay.
- Iwasan ang malapit na pakikipag-kontak sa mga taong may sakit.
- Manatili sa bahay kapag may sakit ka.
- Takpan ng tisyu ang bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing, pagkatapos itapon ang tisyu sa basurahan.
- Palaging linisin at i-disinfect ang mga madalas na nahahawakang bagay-bagay.

Hindi inirerekumenda ng IDPH:

- ang paggamit ng mask o guwantes
- ang pagkansela ng mga pagtitipon ng masa
- ang pagkansela ng mga klase

Kailangan ba ng mga espesyal na pamamaraan sa paglilinis?

Sa panahong ito, walang espesyal na mga proseso ng sanitizing na higit pa sa nakagawiang paglilinis o wala ring inirerekumendang paraan upang mapabagal ang pagkalat ng sakit sa paghinga. Dapat sundin ng mga paaralan ang mga karaniwang proseso para sa nakagawiang paglilinis at pagdidisimpekta gamit ang mga produktong nakarehistro sa EPA. Pangkalahatang gabay sa kontrol ng impeksyon ay matutunghayan sa www.cdc.gov/infectioncontrol.

Ano ang dapat gawin ng mga sentro ng kalusugan na nakabase sa paaralan upang maiwasan ang pagkalat ng 2019-nCov?

Kung ang isang mag-aaral ay tumawag nang maaga tungkol sa kanyang paglalakbay sa China sa loob ng huling 14 araw at tungkol sa mga sintomas, dapat mangolekta muna ng detalyadong kasaysayan sa telepono bago magpasya ang sentro para sa triage. Ang mga sentro ng kalusugan na nakabase sa paaralan (SBHC) ay kinakailangan kaagad na ipaalam ito sa sa kanilang Local Health Department.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang DPH.ILLINOIS.GOV o www.cdc.gov/coronavirus.

This has been adapted from the Chicago Department of Public Health
Updated 2/5/20